SENSO 2020
MAGPABILANG NA!

ANO ANG SENSO?

Ang Senso ng U.S. ay isang pagbilang sa pambansang populasyon na ginaganap kada 10 taon. Layunin ng LA County sa Senso 2020 na mabilang ang lahat ng mga residente, anuman ang edad, lahi, etnisidad o katayuang pangmamamayan.

PINAPABUTI NG SENSO ANG ATING MGA KOMUNIDAD

Ang impormasyong maibabahagi sa inyong pagkumpleto sa survey ng senso ay makatutulong sa pagdedesisyon kung gaano kalaking pederal na pagpopondo ang matatanggap ng inyong komunidad para sa mga paaralan at silid-aralan, mga ospital at klinika, abot-kayang pabahay, mga kalye, mga sentrong pag-aruga sa bata at mga programang pangserbisyo para sa matanda.

Kung mas maraming tao ang nabilang, mas maraming pera ang mailalaan para sa inyong komunidad sa susunod na 10 taon.

PRIBADO ANG SENSO

Sa ilalim ng mga kasalukuyang batas pang-senso, ang mga sagot mo ay pananatilihing kumpidensyal at maaari lang gamitin ng pamahalaan para bumuo ng estadistika.

3 BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN

- Kailangang mabilang ang lahat!
- Matutulungan ng senso na gawing mas mainam na tirahan ang ating mga komunidad
- Pribado ang senso

KABILANG ANG LAHAT!

Kailangang bilangin ng senso ang lahat ng naninirahan sa Estados Unidos, anuman ang kanilang edad, lahi o etnisidad, zip code o katayuang pang-imigrasyon. Lahat ng taong naninirahang kasama mo ay dapat bilangin – kabilang ang lahat ng bata.

Maging sanggol ka man o nasa hustong edad, may-ari ng tahanan o nangungupahan, imigrante man, Latino o Tsino, dapat kang mabilang sa senso.

Madali lang!

Pagsapit ng Marso 2020, makatatanggap ang bawat sambahayan ng paalala mula sa Kawanihan ng Senso ng U.S. na may kasamang mga tagubilin kung paano kukumpletuhin online ang survey ng senso. Maaaring makumpleto ang form online, sa koreo o sa telepono sa loob ng 10 minuto .

Pasasagutan sa iyo, halimbawa, ang mga tanong tungkol sa edad at kung pag-aari mo o nangungupahan ka lang sa tinitirhan mo.

Makatatanggap ang bawat sambahayan ng liham na humihiling na kumpletuhin ang survey ng senso sa Araw ng Senso sa

Abril 1, 2020!

ANO ANG GAGAWIN NG SENSO SA IMPORMASYON KO?

Kokolektahin ng Kawanihan ng Senso sa U.S. ang impormasyon at bubuo ng estadistikang magtutukoy kung gaano kalaking pederal na pagpopondo ang matatanggap ng inyong komunidad sa susunod na 10 taon para sa mga paaralan, mga ospital, transportasyon, mga serbisyong panlipunan at iba pa.

Gusto mo ba ng karagdagang impormasyon? Pumunta sa census.lacounty.gov.